SURI 10:2 (2022): 77-85

# Book Review: Cariño, Jovito V., Manghâ: Sulyap Kung Saan Nagmulâ[1]

**Anton Heinrich L. Rennesland**
University of Santo Tomas, Manila

Sisimulan ko ang book review o pagsuri na ito sa pamamagitan ng isang kuwento. Pagkatapos manalo ng kauna-unahang Don Isabelo de los Reyes Essay Writing Contest ng Philosophical Association of the Philippines, inanyahan kaming tatlong nagtagumpay na maging plenary speaker sa isang undergraduate conference. Nang matapos ang aking panayam, nagtaas ng kamay at nagtanong ang isang propesor ng isang kilalang pamantasan, na tila yamot na, ukol sa metodo (at kadahilanan) ng pagsama ko ng mga Pilipinong iskolar na hindi pangkaraniwang kabahagi ng mga diskurso sa Pilosopiyang Filipino. Tumugon ako sa kanya gamit ang isang retorikang tanong: kinakailangan ba na magtapos muna sa pilosopiya ang isang tao bago siya maituring na pilosopo o pilosoper? Laking gulat ko sa kaniyang agarang pagsagot na oo. Sa isang banda, baka sadyang hindi gusto ng dalubguro na ito ang istilo ng pag-iisip o pagsusulat ng mga Pilipinong intelektual mula sa mga disiplina ng kasaysayan o panitikan, o sa kabilang banda, baka nakakahon na ang pilosopiya para sa kaniya. Baka sa tingin niya, nakatakda lamang ito para sa iilan, sa mga may maigting na

[1] Davao: Aletheia Publishing, 2022, 169pp.

**© 2022 Philosophical Association of the Philippines**
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2022.pdf

pag-unawa sa konsepto, may lohikal na pangangatwiran, at may mahusay na paggamit ng wika. Sa madaling salita nagiging pilosopiya lamang ang mga bagay-bagay kapag nakaayon ito sa una nilang kadahilanan at kapag ang diskurso ay nanggagaling sa katuwiran; tila isang pag-uulit ng nakasanayang kahulugan ng pilosopiya na tinuturo simula Senior High School. Mula rito sa anektoda, sinimulan ko itong pagsusuri upang maipakita ang mapanglaw na kinatatayuan ng nabubuong konsepto kapag nagbungguan ang salitang "Filipino" at "Pilosopiya" sa isip ng iilang tao, at laki kong pasasalamat na hindi sa ganitong dako ang paglayag ng pinakabagong libro ni Dr. Jovito Cariño na pinamagatang *Manghâ: Sulyap Kung Saan Nagmulâ* na naghahandog ng isang alternatibong larawan ng pag-iisip kung paano maaaring lumago ang Pilosopiyang Filipino.

Hindi pangkaraniwang libro sa pilosopiya ang *Manghâ* dahil ito ay binubuo ng mga tula na nakapangkat sa anim: *Pagdating at Paglisan* (12 tula), *Mga Tulâ ng Pag-ibig* (9), *Karaniwang Bukod-Tangì* (10), *Sa Dakò Roon* (16), *Pagsampalatayà* (16), and *Mga Halaw* (15). Sinusundan ng *Manghâ* ang huling libro ni Dr. Cariño na *Muni: Paglalayag sa Pamimilosoiyang Filipino* na nanalo ng 2019 *Elfren S. Cruz Prize for Best Book in the Social Science*s ng ika-38 na Pambangsang Gantimpala sa Libro ng National Book Development Board at ng Manila Critics Circle.[2] Sa kanyang Panimula roon, inanyayahan niya tayo na lumayag sa kalawakan na kung ano ang pilosopiyang taglay ng pagiging Filipino bilang hermenyutika.[3] Isa itong pagtingin sa mundo na hindi natin matatalikuran lamang, kahit na napakadaling sabihin na nais nang lisanin ang lupang sinilangan, lalong-lalo na, sa oras ng kagipitan. Kasalungat dito, ang dapat natin lisanin ay ang tradisyonal na diskurso na pinatotohanan naman ng *Manghâ*. Magkawangis ang mithiin ng dalawang libro subalit naiiba sila sa balangkas o, mas mainam, sa mismong paglayag sa Pilosopiyang Filipino;

[2] Tingnan National Book Development Board, "38th National Book Awards Winner," <https://books.gov.ph/38th-national-book-awards-winners/>.

[3] Tingnan Jovito V. Cariño, *Muni: Paglalayag sa Pamimilosopiyang Filipino* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2018), xiii-xiv.

© 2022 Philosophical Association of the Philippines

ang paglayag natin sa *Muni* ay wari may katig, hindi katulad sa *Manghâ* na hinahayaan na tayo ng may-akda sa kalawakan, hindi ng katuwiran bagkus ang kalawakan ng karanasan. Sa ganitong paraan, maaari nating sabihin na sa bago niyang libro ay hinahayaan niya tayong *mamangha* sa kalawakan ng buhay na ang tanaw natin ay hindi konsepto na nakalaan sa mga nakapagtapos ng isang kurso o para lamang sa mga pagkatawang-tao o encarnamiento ng lohikal na pakikipagtalastasan bagkus ang pangkaraniwan. Ang natatanaw nating espasyo upang mamangha ay sumasalamin sa anim na pangkat: ang bawat minsang dinaranas,[4] ang pagkahumaling o pag-ibig bilang kabahagi ng pagiging tao,[5] ang pagbalik ng kahapon,[6] ang pagkawala o ang mabalot sa at ng kaibahan,[7] ang tagpuan ng pananampalataya na mistulang kinalilimutan,[8] at ang paggamit ng isang wika na balintuna'y ayaw gamitin ng sarili niyang mga tao.[9]

Sa ganitong balangkas, binibigyan tayo ng may-akda ng anim na paglayag sa kalawakan ng karanasan gamit ang lente o hermenyutika ng pagiging Filipino. Ang bunga ay anim na paglihis ng kaisipan sa tradisyunal na diskurso sapagkat ito ay anim na pagkakataon na makapagbulay-bulay sa pangkaraniwan upang magkaroon ng pangalawang pagtingin sa mga ito. Ang pagkakapangkat ng mga tula ay sinisimulan ng maikling sanaysay bilang pambungad sa tema. Dito maliwanag ang ginagampanan ng pilosopiya dahil sa mga pagsangguni o pagbanggit ng mga pilosopo katulad nina Heidegger, San Agustin, at Hegel o tema tulad ng modernisasyon at ang kamatayan ng Diyos. Subalit hindi ito nangangahulugan na ang bawat tula ay pagpapaliwanag nito, bagkus ito lamang ay pambungad upang magkaroon ng tila isang guhit-tagpuan nagtatagpo ang mga damdamin

4 Tingnan Jovito V. Cariño, *Manghâ: Sulyap kung Saan Nagmulâ* (Davao: Aletheia Publishing, 2022), 4.

5 Tingnan "Ang Mapupúlot kay Pythagoras at San Agustin," Ibid., 18.

6 Tingnan "Ang Iniwan ni Hegel,"Ibid., 33.

7 Tingnan "Isang Pilosopiya ng Lugar (o Ang Pilosopiya ng Pagkawalâ)," Ibid., 50.

8 Tingnan "Sa Pagitan ni Nietzsche at San Anselmo," Ibid., 70.

9 Tingnan "Ang Hindî Sinabi ni Lao Tzu, Wittgenstein at P. Roque Ferriols," Ibid., 89.

**© 2022 Philosophical Association of the Philippines**

katulad ng pagsabik at pangungulila,[10] ng sariling karanasan sa samu't saring lugar,[11] at ng pakikipagsapalaran sa pananampalataya katulad ng mga banal.[12] Nagkakaroon ng tagpuan ang lawak ng ating hinaharap.

Gayumpaman, masasabi ko na hindi kataka-taka kung ang akdang ito, sa kasamaang-palad, ay hindi seryosohin ng ilan o ng karamihan sa larangan ng pilosopiya. Ang isang malaking hadlang kasi sa pagpapahalaga sa mga akdang katulad nito ay ang kakulangan natin bilang mambabasa sa pagsasanay sa klase ng ganitong pagbabasa. Ang nakagawian kasi ay ang paghahanap ng paliwanag sa isang konseptong nakalantad. Ganito natin marahil iniisip ang pilosopiya: ang katotoohanan ay magpapamalas ng kanyang sarili kapag sumisikap tayong makipagsagupaan sa teksto. Ang suliranin dito ay ang pag-iisip na ang konsepto ay nakakubli at kinakailangan lamang alamin upang malantad nang buo. Napupuna ang ganitong pag-iisip sa adka na "Mahalaga ang manghâ sapagkat binibigyan nito ng lalim at lawak ang ating mga karanasan."[13] Kapos sa tunay na mangha ang ganitong pangkaraniwang pagbabasa, kapos sa pag-iintindi na ang tao ay hindi sentro ng mundo; ang pagpapangkat dito sa libro ay hindi anim na pagsasalarawan ng mga karanasan ng tao, kun'di pagpapakita na mas malawak ang karanasan kaysa sa tao, mas malaki ang espasyo na nasa harapan natin kapag tayo'y lumalayag. Ang pagpapangkat ay tila mga tulos lamang sa tabing-ilog kung saan maaaring panandaliang itali ang bangkang dahan-dahang lumalayag. Pagkatapos ng pambungad, kinakailangan nang kalasin ang buhol upang tuluyan nang lumayag sa pagbasa at pagdanas ng bawat tula.

Ang susunod na bagay na nais kong bigyang-diin ay, sa katunayan, nabanggit din ng may-akda: ang ang katangi-tanging tungkuling ginagampanan ng kawalan. Pinagtabi ni Dr. Cariño sina Lao Tzu, Wittgenstein, at P. Ferriols upang ipakita kung paano nagtatagpo sa

[10] Tingnan "Sa Airport" at "Homesick," Ibid., 15 at 25.
[11] Tingnan Ibid., 51-66.
[12] Tingnan "Pasintabì," Ibid., xii.
[13] Ibid., viii.

© 2022 Philosophical Association of the Philippines

kawalan ang kanilang pananaw na ang pinakamahalaga ay hindi nasasabi.[14] Dalawa ang uri ng kawalan na dapat nating matuklasan—ang kawalan bilang kakulangan at ang kawalan bilang puwang o bilang espasyo. Ang una ay sentro sa lohika ng modernidad o sa ating karanasang pinapakita sa akda, ang kaibahan at pagbabago na dulot nito.[15] Katibayan nito ang mga nagtataasang gusali, ang mga sikat na tatak ng mga produkto sa merkado, at ang naiibang paraan ng pamumuhay na marahil galing sa Kanluran. Ang pugito na siyang lakas ng kapital ay hindi nananatili sa kabisera bagkus ang kanyang mga galamay ay umaabot sa kasulok-sulokang baryo. Walang nakatatakas sa ganitong lohika na ang luma ay dapat mabago, ang mga proseso'y dapat mapabilis, at ang kawalan ay dapat mapuno. Ang lahat ay dapat masakop sa iisang lohika ng pugitong kapital. Sa ganitong pananaw "matamlay ang kulay [ng lahat] kahit tanghalíng tapat."[16] Walang lugar ang mangha rito kasi puno na. Sa ganitong pananaw, ang hinahanap at iniipon ng bawat isang tao ay hindi ang lalim ng karanasan kung hindi ang dami nito.

Ang pangalawang uri ng kawalan ang marahil mas mainam nating pagtuunan ng pansin. Bahagyang napupukaw ito gamit ang mga katagang "sapagkat may kusà ang magandang likás at sadyâng mababakas walâ mang katwiran."[17] Hindi natin kayang ipaliwanag ang dahilan kung bakit *likas* na makulay ang daigdig—ang matitingkad na bonggabilya't gumamela, ang kumikinang na ilog o dagat sa isang maaraw na umaga, at ang bahagharing hinahantad ang sarili kasunod ng isang malakas na pag-ulan. Ang pangalawang uri ng kawalan ay ang pagkakaroon ng puwang kapag nawawala ang mga kaisipan o karanasan (na siyang kalakasan ng pugitong kapital) na nagpapasanay sa atin sa mga pangkaraniwan. Dahil paulit-ulit ang mga pangyayari, kadalasa'y nasasanay na tayo at posibleng nagsasawa na sa mga pangkaraniwang bagay, pagkakataon, pagdiriwang,

[14] Tingnan "Ang Hindî Sinabi," Ibid., 88.
[15] Tingnan "Ang Iniwan ni Hegel,"Ibid., 32.
[16] Tingnan "Morayta, Maynilà," Ibid., 57.
[17] "Sa Daigdig ng mga Karaniwan," Ibid., 42.

**© 2022 Philosophical Association of the Philippines**

lugar, o possible ring tao at pati na ang pananampalataya. Ang pagiging sanay sa mga ito ang siyang humahadlang sa atin upang muling sulyapan ang ganda at tingkad ng mga ito, kabigha-bighani, kamangha-mangha. Samantalang ang unang kawalan ay dapat mapuno ayon sa lohika ng pugitong kapital, itong pangalawang uri ay isang pagsasa*wala* ng naipong subjetividad o pagiging-sarili—ang mga karanasan na nagpapasanay sa atin—upang muling mamangha. Bilang halimbawa, hindi natin agad naiisip ang karanasan ng pagkamangha sa mismong pamantasan kung saan tayo'y nag-aaral o nagtratrabaho. Araw-araw na kasi napupuntahan, at kapag nakakalakad sa mga bulwagan o silid-aralan, malayo sa ating isip na maaari tayo maging bilanggo muli ng isang malalim na damdamin—sa ganda ng gusali, sa simoy ng hangin, sa halakhak ng mga dumaraan, o pati na rin sa tunog ng tubig kapag bumubulwak o kaya pumupulandit sa isang fuente o fountain. Madalas kasing iniisip natin na *tayo* ang dumarating sa lugar, at lingid sa atin na ang tunay na pangyayari ay "ang pagdating sa atin ng lugar na nakita."[18] Itong pangalawang kawalan ay kahungkagan sa ating sarili kung saan nagkakaroon ng espasyo, ng puwang, upang muli nating masulyapan ang pangkaraniwan, at sa mga ito'y muling mamangha.

Ang dahilan kung bakit ang akdang ito ay hindi matatangkilik ng iba ang siya ring dahilan kung bakit ito katangki-tangkilik. Pinapakita sa atin ng libro ang kahalagahan ng kawalan (sa pangalawang kahulugan) upang lumago ang pilosopiya. Sa mundo na nalulunod sa kaalaman, sa akademya na nagpaparamihan ng mga pagsipi o citations, sa siyudad na napupuno ng mga dambuhalang sasakyang sumisiksik sa makikitid na daan, pinapaalalahanan tayo ng akda na ang kawalan ay hindi dapat palaging pinupunuan. Sa kabilang dako, tila ito'y wika na mayabong kapag hindi sinasagad. Buhat noong nagsimula paglimbag hanggang sa pagtatakda ng mga titik sa SMS at social media katulad ng Twitter, ang nasa isip ng tao ay paano masasagad at masusulit ang bilang ng bawat isang titik. Ito ay bunga ng unang kahulugan ng kawalan. Ang tula any hindi

[18] "Isang Pilosopiya ng Lugar," Ibid., 50.

© 2022 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2022.pdf

nabibilang sa ganitong paggamit ng wika kung hindi sa pangalawang uri ng kawalan. Dapat nating makita na sa kakapusan ng wika, bunga'y taglay nitong lakas. Hindi lahat sinasabi; may naiiwang puwang upang maramdaman natin mismo ang hatid ng tula. Kaya siguro nakakaakit ang huling dalawang pangkat sa akda bukod sa iba dahil mas napalalim pa nito ang paggamit ng wika sa tula, o kaya, dito natin napansin na nasa malalim na tubigan na, kung saan nalilibutan na talaga tayo ng kawalan. Sa akda, itong dalawang bahagi ay malayang paggamit ng wika, hindi upang masagad ang pagkakaintindi sa kung ano ang banal, bagkus upang mailarawan ang kakapusan ng kalikasang tao at upang masabi ang *higit pa* sa wika, sa isip, sa mismong sarili. Dito nahahalaw hindi lang ang dasal kung hindi ang damdamin na unang kalakip ng panalangin at mismong palagay bilang isang mananampalataya.

Ang sala'y wala sa wika kung hindi nasa isip. Kapag nabigyan ng pangalawang pagtingin ang pangkaraniwan, doon lamang tayo mamumulat na lahat ito ay *higit pa* kasya sa atin, at tanging tula lamang, mga kapi o kaya fragmentos ng pagsasa*salita* ng laman ng isip ang maiiwan. Sa kahinaan ng katuwirang magpaliwanag, tanging ang kanyang mga kapi lamang ang nagpapabatid ng saloobin. Kaya sa puntong ito, nararapat na batiin si Dr. Cariño sa kanyang akda dahil ang ultimong handog nitong obra ay ang muling matutong mamangha sa pangkaraniwan, lalo na, sa paggamit ng wikang Filipino, isang wika na balintuna'y isinasantabi natin sadya man o hindi bagaman ito ang pinakapangkaraniwang kasangkapan ng buhay. Ang *Mangha* ay handog sa mayabong na talakayan hindi hinggil sa Pilosopiyang Filipino bagkus ukol sa buhay gamit ang lente or hermenyutikang Filipino.

Bilang pangwakas, babalik ako sa anekdotang nakuwento ko sa simula: kataka-taka lamang isipin na hanggang ngayon pinapagtalunan pa ang tanong kung mayroon nga bang Pilosopiyang Filipino, ano ang pinakaangkop na metodo ang dapat daw gamitin upang manuri, o paano ang tamang pagbubukod ng mga disiplina sa humanidades katulad ng pilosopiya at panitikan. Ang maaari nating mapulot sa pagmumuni-muni

**© 2022 Philosophical Association of the Philippines**

sa pagbasa ng *Mangha* ay ang pagsulyap sa tagpuan ng pilosopiya at panitikan, isang pagtanaw sa kalawakan ng buhay na puno ng pangkaraniwan na higit pa sa atin. Ito siguro ang kahinahan ng pilosopiya o, mas tama, ang ating pag-iintindi ng kung ano ang pilosopiya. Ang pangkaraniwan—ang wika bilang uliran—ay hindi pansarili, hindi maaaring ikahon, ni hindi dapat kalimutan lamang. Ang mga ito ay higit pa sa atin, at kahunghangang isipin na tayo ang dumarating sa mga ito. Salungat sa sagot ng propesor na nagtanong sa akin, nararapat lamang na matuto tayong lumingon sa mga kapit-disiplina natin sa humanidades imbes na patuloy tayong bumanghay ng pag-iisip na atin-laban-sa-kanila. Baka magulat pa tayo na ang pilosopiya—hindi ang nakasanayang kahulugan bagkus ang tunay nitong saysay na pag-iibig sa karunungan—ay mas lumalago pa sa kanila kaysa sa atin dahil mulat sila sa halaga ng kakulangan, sa paghihintay ng pagdating nito sa kanila, kaysa sa pagpipilit nating dumaldal na bunga ng duda o taka imbes na ang tunay na pagmumuni na nagmumula sa pagkamangha. Itong huling talata ay hindi lamang papuri sa gawa ng may-akda sa kanyang paggalang sa pangalawang uri ng kawalan bagkus isang babala sa atin na kailangan nating lumayag sa lawakan ng buhay. Paano? Hayaang mamangha muli.

© 2022 Philosophical Association of the Philippines
https://suri.pap73.site/files/rennesland_suri_october2022.pdf

## SANGGUNIAN

*National Book Development Board*, "38th National Book Awards Winner," <https://books.gov.ph/38th-national-book-awards-winners/>.

Cariño, Jovito V., *Manghâ: Sulyap kung Saan Nagmulâ* (Davao: Aletheia Publishing, 2022).

___________, *Muni: Paglalayag sa Pamimilosopiyang Filipino* (Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2018).

© 2022 Philosophical Association of the Philippines